# Pagtulong sa sarili at pakikipagtulungan sa iba

Sariling kopya

## Ang paghahandang ginagawa para sa pagdating ng lindol

# Sapat ba?



Siyudad ng Yaizu

# Listahan ng mga nilalaman


**Ang paggawa ng mga hakbang para sa disaster prevention ay nagsisimula sa regular na paghahanda** ········ 1

## Pagtulong sa sarili

**Paghahanda para sa kalamidad** ········ 2

1. **Gawin ang pagpupulong sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya upang pag-usapan ang mga paraan sa pagbawas sa mga pinsalang dulot ng kalamidad** ········ 3
2. **Pagkumpirma sa kaligtasan ng pamilya** ········ 4
3. **Mga bagay na kailangang ihanda at dalhin sa oras ng emerhensiya** ········ 5・6
4. **Kapag biglang nagkaroon ng lindol** ········ 7
5. **Impormasyon ukol sa pagtantiya sa pagdating Tokai Earthquake at pagdeklara ng babala sa panganib na dala nito** ········ 8
   1) Pagtantiya sa pagdating ng lindol ········ 8
   2) Pamamahagi ng impormasyon kaugnay sa pagtantiya sa pagdating ng Tokai Earthquake ········ 9
   3) Pagpapalabas ng pahayag o deklarasyon na humihimok sa pag-iingat o pagiging handa sa pagdating ng kalamidad ········ 9
6. **Paano kung ipalabas ang impormasyon ukol sa panganib na magkaroon ng Tokai Earthquake? Paano kung may pahayag o deklarasyon na humihimok sa paghahanda o pag-iingat sa pagdating nito?** ········ 10
   1) Kondisyon o lagay ng lipunan ········ 10
   2) Ano ang dapat kong gawin? ········ 11
   3) Paraan ng pagtanggap ng impormasyon kaugnay sa kalamidad ········ 12
   4) Kapag may ipinalabas na Early Earthquake Warning ········ 13

## Pakikipagtulungan sa iba

**Pag-isahin ang lakas at itaguyod ang pagtutulungan sa pagitan ng mga mamamayan sa rehiyon**

7. **Makibahagi sa mga pagsasanay sa disaster prevention sa rehiyon** ········ 14
8. **Boluntaryong samahan para sa disaster prevention** ········ 15
9. **Mga hakbang para sa pagpigil ng sunog** ········ 16
10. **Suporta at konsiderasyon para sa mga taong nangangailangan ng tulong** ········ 16・17

## Pampublikong suporta

**Mga pangunahing pampublikong suporta na isinasagawa** ········ 18

# Ang paggawa ng mga hakbang para sa disaster prevention ay nagsisimula sa regular na paghahanda

Sa oras na magkaroon ng kalamidad sa siyudad ng Yaizu, depende sa sitwasyon ay may sistemang itinakda upang maisagawa ang nararapat na mga hakbang at ibinubuhos ang buong lakas at kakayahan ng siyudad sa pagpapatupad sa mga emergency activities.

Subalit, upang mapigilan o mabawasan ang anumang pinsalang dulot ng kalamidad, kailangang bigyang-daan ang "pagtulong sa sarili", "pakikipagtulungan sa iba" at pagkakaroon ng "pampublikong suporta".


**"Pagtulong sa sarili"**, ay ang kilos at paghahandang ginagawa upang protektahan ang sariling buhay, mga ari-arian at pamilya.

**"Pakikipagtulungan sa iba"**, ay ang kilos at paghahandang ginagawa upang protektahan ang sarili at bawasan ang pinsala sa sariling komunidad at lipunan.

**"Pampublikong suporta"**, ay ang tungkulin at paghahandang ginagawa ng pamahalaan at mga pampublikong institusyon.

Bagama't hindi maaaring pigilin ang pagkakaroon ng kalamidad, nagagawang bawasan ang pinsalang dulot nito sa pamamagitan ng pagprotekta sa sarili, pakikipagtulungan sa iba at pagkakaroon ng pampublikong suporta.

Magtulungan tayo upang bigyang-daan ang regular na pagpapatupad sa mga hakbang laban sa kalamidad upang "protektahan ang sarili" at "protektahan ang sariling komunidad".



# Pagtulong sa sarili

Hindi natin alam kung kailan o saan darating ang isang kalamidad. Hindi kaya ng tao na pigilan ang mga pangyayaring dala ng kalikasan tulad ng malaking lindol, subalit maaaring bawasan ang pinsalang dulot nito sa pamamagitan ng paggawa ng regular na preparasyon.

Sa oras na magkaroon ng kalamidad ay kailangang protektahan muna ang sarili. Hindi magagawang tulungan ang iba kung nasa panganib ang sarili.

Umpisahan muna ang "pagtulong sa sarili" bago siguruhin o protektahan ang kaligtasan ng ibang miyembro ng pamilya.

## Paghahanda para sa kalamidad

### Ang aking kaligtasan ay kaligtasan ng aking pamilya

Hindi sa lahat ng panahon ay kasama natin ang pamilya kapag nagkaroon ng kalamidad at maaaring mangyari ito sa oras na nasa iba't-ibang lugar ang mga kapamilya. Mahalagang maghanda bago magkaroon ng kalamidad upang magawang kumilos nang mahinahon sa oras ng emerhensiya.

Kailangang ihanda ang mga bagay na kinakailangan at pag-usapan sa pamilya ang tamang kilos sa paglisan at paraan ng pagkumpirma sa kaligtasan sa oras ng kalamidad.



# 1 Gawin ang pagpupulong sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya upang pag-usapan ang mga paraan sa pagbawas sa mga pinsalang dulot ng kalamidad


Upang maiwasan ang pagkataranta at magawang kumilos ng mahinanon sa panahon ng emerhensiya, kailangang gawin ang regular na pagpupulong sa loob ng pamilya ukol sa mga bagay na dapat gawin sa oras na magkaroon ng kalamidad.

## 1 Pagpasiyahan ang papel na dapat gampanan ng bawat isa




- Pagpasiyahan ang papel na dapat gampanan sa pagbabawas sa pinsalang dulot ng kalamidad at kung ano ang dapat gawin ng bawat isa kapag nangyari ito.
- Pagpasiyahan kung sino ang dapat tumulong sa mga taong may edad, mga sanggol o kabataan.

## 2 Kumpirmahin kung saan ang mga lugar na mapanganib sa loob ng bahay




- Kumpirmahin kung may mga lugar na mapanganib sa loob at labas ng bahay.
- Pag-usapan kung paano patibayin o kumpunihin ang mga lugar na mapanganib.

## 3 Kumpirmahin ang mga bagay na kailangang ihanda at dalhin sa oras ng emerhensiya.



- Siguruhing ihanda ang mga bagay sang-ayon sa ayos o pangangailangan ng pamilya.
- Siguruhing gawin ang regular na pagsusuri sa kondisyon ng mga nakaimbak na bagay, expiration date at palitan kung kinakailangan.

## 4 Kumpirmahin ang paraan ng pagkontak sa ibang miyembro ng pamilya sa oras na magkaroon ng kalamidad o sa paglisan patungo sa pook-silugan




- Kumpirmahin kung paaano makokontak ang ibang miyembro ng pamilya kung sakaling mawalay pati pag-alam sa mga pook-silungan sa sariling komunidad.
- Pag-usapan ang mga mapanganib na lugar sa rutang ginagamit patungo sa pook-silungan at gamitin ang libreng panahon o holiday para tingnan ito kasama ng ibang miyembro ng pamilya.

## 5 Makipag-usap sa mga kapitbahay

- Makiisa sa mga kapitbahay sa pamamahagi ng impormasyon sa oras na makatanggap ng updates kaugnay sa kalamidad at kapag nagkaroon ng pahayag ukol sa lagay ng paglisan.

# ② Pagkumpirma sa kaligtasan ng pamilya

Kapag nagkaroon ng malaki o malawakang kalamidad tulad ng isang lindol, mahihirapang makakontak sa telepono dahil maraming tao ang sabay-sabay na gagamit sa linya ng telepono para tumawag. Kailangang pag-usapan sa loob ng pamilya ang iba't-ibang paraan na maaaring gamitin para sa pagkontak sa isa't-isa sa ganitong sitwasyon.

## Disaster Emergency Message Dial

Maaaring gamitin ang NTT Disaster Emergency Message Dial (171) para kumpirmahin ang kalagayan ng pamilya at mga kamag-anak pagkatapos mangyari ang isang kalamidad.

Maaaring pakinggan ang mga recorded messages ng mga naapektuhan ng kalamidad mula sa Emergency Disaster Dial Centers na itinatag sa buong bansa. May "Disaster Emergency Message Board" (web171) din na maaaring gamitin sa Internet.

**Paraan ng pag-record / replay ng mga mensahe** Tagal ng mensahe: hanggang 30 segundos bawat mensahe

I-dial ang 1 7 1 → Para sa pag-record ng mensahe: Pindutin ang 1 / Sa pag-replay ng mensahe: Pindutin ang 2 → I-dial ang numero ng telepono ng taong nais tawagan sa apektadong lugar (〇〇〇-〇〇-〇〇〇〇) → Mag-record ng mensahe (hanggang 30 segundos ang tagal sa pag-record ng mensahe) / Maaaring pakinggan ang mensahe (Ang impormasyon ay nakaimbak hanggang sa katapusan ng itinakdang panahon)

"Ito si OOO. Lumisan ako sa OOO Elementary School." Sa pag-record ng mensahe, ibigay ang sariling pangalan at detalye ukol sa pook na kinaroroonan.



*Hindi maaaring itakda ang numero ng mobile phone sa serbisyong ito. (Maaari lamang gamitin ang fixed land line)

**Kailan maaaring gamitin ang serbisyo**

- ◆ **Kapag nasa lower-6 o pataas ang seismic intensity ng lindol**
- ◆ **Kapag naging busy ang lahat ng linya ng telepono sanhi ng pagkakaroon ng kalamidad**
- ◆ **Depende sa sitwasyon, o kapag nagpalabas ng babala sa pag-iingat**

< Maaaring subukang gamitin ang 24 oras na trial period mula sa una at ika-labinlimang araw ng bawat buwan, sa tatlong araw na holiday ng bagong taon, sa Disaster Prevention Week at tuwing idadaos ang Disaster Prevention & Volunteer Week >

**Paliwanag ukol sa serbisyo**

- ◆ **Ang mga mensahe ay iniimbak sa 48 oras (6 oras para sa trial period)**
- ◆ **Maaaring mag-record hanggang 30 segundos para sa bawat mensahe** (Hanggang 20 mensahe bawat numero ng telepono) *Maaaring magkaiba depende sa sitwasyon o lagay ng kalamidad
- ◆ **Maaaring gamitin ang serbisyo mula sa mobile phones at PHS (maliban sa ilang kompanya ng telepono)**

## Disaster Emergency Message Board

Sa oras ng kalamidad (sa kaso ng lindol na nasa lower-6 o pataas ang seismic intensity), maaaring magparehistro at kumpirmahin ang impormasyon ukol sa kaligtasan ng pamilya at iba pa sa pamamagitan ng "Disaster Emergency Message Board" na pinangangasiwaan ng bawat kompanya ng mobile phone. Piliin ang "Disaster Emergency Message Board" mula sa "Top Menu" ng bawat mobile phone.

*Sa paghahanap ng mensaheng iniwan ng mga nasa lugar na apektado ng kalamidad, may "collective search" function kung saan maaaring hanapin ang impormasyon para sa lahat ng kompanya ng mobile phone, kaya hindi na kailangang alalahanin kung anong kompanya ng mobile phone ang ginagamit ng taong nais makontak.

**Mga araw na maaaring subukang gamitin ang Disaster Emergency Message Board**

Una at ika-labinlimang araw ng bawat buwan, sa tatlong araw na holiday para sa bagong taon
Sa Disaster Week (Agosto 30 hanggang Septiyembre 5)
Sa "Disaster Prevention & Volunteer Week" (Enero 15 hanggang Enero 21)

Pakikumpirma sa website ng bawat kompanya ang paraan ng paggamit sa Disaster Emergency Message Board.

| | |
|---|---|
| NTT DoCoMo | http://www.nttdocomo.co.jp/info/disaster |
| au | http://www.au.kddi.com/mobile/anti-disaster/saigai-dengon/ |
| SoftBank Mobile | http://www.softbank.jp/mobile/service/dengon/ |
| Y!mobile | http://www.ymobile.jp/service/dengon<br>http://www.ymobile.jp/service/dengon_voice/ |

## Iba pang mga paraan sa pagkontak na maaaring gamitin

- Pampublikong telepono

  Kapag nagkaroon ng malaki o malawakang kalamidad, maaaring gamitin ang pampublikong telepono kung saan mas madaling makatawag dahil mas mataas ang prayoridad sa pagkonekta kumpara sa karaniwang linya ng telepono at libre ang pagtawag mula sa pook na apektado ng kalamidad. Dahil nababawasan ang dami ng mga pampublikong telepono sa pagdaan ng taon, kailangang kumpirmahin muna kung saan nakalagay ang mga ito sa sariling lugar.

- Relay points sa ibang lokasyon

  Kahit sa oras ng kalamidad, may kaso na kung saan mas madaling gumawa ng tawag patungo sa labas mula sa lugar na apektado ng kalamidad. Maaaring gamitin ang mga kamag-anak o kakilala na nasa ibang lugar bilang mga relay points para sa mas epektibong paraan ng pagkontak sa isa't-isa.

# 3 Mga bagay na kailangang ihanda at dalhin sa oras ng emerhensiya

## 1) Mga bagay na dadalhin sa oras ng emerhensiya


Sa paghahanda ng mga bagay na dapat dalhin sa oras ng emerhensiya, kailangang pag-isipan muna ang mga pangangailangan ng sariling pamilya. Kailangang gawin ang "Listahan ng mga bagay na dadalhin ng aking pamilya sa oras ng emerhensiya", isagawa ang regular na pagsusuri sa mga bagay na ito, ilagay sa emergency bag at itabi sa isang lugar na kung saan madaling ilabas kapag kinakailangan.

**Mahalagang punto**




- Gamitin ang bag o supot tulad ng backpack sa paglagay ng mga emergency supplies kung saan libre at maaaring gamitin ang magkabilang kamay.
- Limitahan ang dami ng mga bagay na dadalhin upang hindi maging sagabal sa paglisan.
- Sa paghahanda ng mga bagay, pag-isipan ang ayos o prayoridad ng mga bagay na nais gamitin.
- Siguruhing gawin ang regular na pagsusuri sa nilalaman ng emergency bag.

### Mga mahahalagang bagay



- ☐ Cash (pati mga barya o coins)
- ☐ Reserbang susi ng bahay at kotse
- ☐ Reserbang salamin, contact lense at iba pa
- ☐ Kopya ng bankbook, health insurance card at lisensiya sa pagmamaneho
- ☐ Maternal and Child Health Handbook
- ☐ Libreta ng medisinang ginagamit

### Mga kagamitan sa pagkulekta ng impormasyon



- ☐ Mobile phone (pati charger)
- ☐ Mobile radio (pati reserbang baterya)
- ☐ Mga larawan ng pamilya (para sa kumpirmasyon kapag nawalay)
- ☐ Contact information para sa pamilya, mga kamag-anak at kakilala sa oras ng emerhensiya
- ☐ Mga gamit sa pagsulat / notebook

### Pagkain at iba pa




- ☐ Mga groceries (daming aabot sa 3 araw)
- ☐ Tubig inumin (daming aabot sa 3 araw)

### Mga bagay na madaling gamitin at iba pa



- ☐ Helmet o disaster hood
- ☐ Flashlight (pati reserbang baterya)
- ☐ Headlight
- ☐ Pito, buzzer (Mga bagay na tumutunog na maaaring gamitin upang ipaalam ang kinaroroonan)
- ☐ All-purpose knife
- ☐ Kutsara, chopsticks, tasa
- ☐ Wraps
- ☐ Disposable heating pads (may pandikit)




- ☐ Mask
- ☐ Supot na gawa sa plastic
- ☐ Aluminum thermal insulation sheet
- ☐ Tsinelas
- ☐ Guwantes para sa paggawa o mga gawa sa balat
- ☐ Posporo o lighter
- ☐ Supot para sa paglagay ng tubig
- ☐ Mga gamit para sa tag-ulan (Kapote, bota at iba pa)

### Para sa kalinisan, kalusugan



- ☐ First aid kit
- ☐ Mga gamot sa tahanan, gamot para sa chronic illness
- ☐ Tuwalya
- ☐ Toilet paper, tissue paper
- ☐ Reserbang damit para pampalit (pati panloob o underwear)
- ☐ Wet tissue
- ☐ Reserbang pustiso, hearing aids
- ☐ Toothbrush set

### Iba pa



- ☐ Disposable diapers (para sa mga sanggol, matatanda at iba pa)
- ☐ Sanitary products
- ☐ Powdered milk, baby bottles (mga bagay na kinakailangan para sa sanggol)
- ☐ Pagkain ng alagang hayop
- ☐ Iba pang mga bagay na kailangan sa pamumuhay

**Pakihanda ang mga bagay na naaangkop sa sariling kalagayan o paligid.**

Tingnan ang "Listahan ng mga bagay na kailangang ihanda at dalhin sa oras ng emerhensiya" na ginawa ng Japanese Red Cross Society, Tokyo Branch.

## 2) Mga bagay na kailangang ihanda o iimbak


Ito ang mga bagay na kailangang ihanda o iimbak para mapanatili ang pamumuhay sa sariling tahanan o sa pook-silungan pagkatapos gawin ang paglisan. Ihanda ang katumbas sa 7 araw na dami ng tubig, pagkain at mga bagay na kakailanganin sa araw-araw.

- ☐ Mga groceries
- ☐ Tubig inumin
- ☐ All-purpose knife
- ☐ Kutsara, chopsticks, tasa
- ☐ Wraps
- ☐ Disposable heating pads (may pandikit)
- ☐ Portable Emergency-use toilet
- ☐ Wet tissue





- ☐ Stationery (Permanent marker, ballpoint pen, cellophane tape, waterproof paper at iba pa)
- ☐ Picnic sheet
- ☐ Tolda
- ☐ Bar, jack
- ☐ Motorsiklo, bisikleta (hangga't maaari ay gamitin ang non-puncture type)
- ☐ Diyaryo
- ☐ Kumot, sleeping bag
- ☐ Guwantes para sa paggawa





**Pakihanda ang katumbas sa isang linggo o higit pang dami ng tubig at pagkain na gagamitin sa sariling tahanan pagkatapos maganap ang isang kalamidad.**


**Tantiyang dami para sa isang linggo** (bawat tao)

**Tubig inumin**




3 litros bawat araw x 7 araw = **21 litros**

**Pagkain**



3 meals x 7 araw = **21 meals**

**Portable gas stove, gas cartridge**




Maaaring gamitin ang portable gas stove sa pagluto o pag-init ng pagkain sa oras ng emerhensiya.

Ang isang gas cartridge ay maaaring gamitin sa pagpakulo ng 1.5 litros ng tubig ng sampung beses.

**Paggamit sa rolling stock method sa pag-imbak** (Paggamit at pagpalit)

Ito ang paraan ng paghahanda o pag-iimbak sa pagkain o emergency food supplies na ginagamit sa araw-araw na pamumuhay. Mas mainam kung magkakaroon ng sistema ng stock rotation sa pag-imbak kung saan inuunang gamitin ang lumang bagay. Gamiting mabuti ang anumang bakanteng lugar sa loob ng tahanan para sa pag-imbak ng tubig inumin at iba pa.




**Halimbawa ng mga pagkain**

Retort packs, de-latang pagkain, instant ramen, pasta, panimpla, dried foods, root vegetables (mga gulay na maaaring iimbak sa room temperature), freeze-dried vegetables, dry fruits at iba pa.


- Pag-isipan kung paano gawin ang isang linggong menu mula sa sumusunod na mga food products.
- Ugaliin ang regular na paggamit ng pagkaing de-lata at dried foods.
- Palitan ang anumang bagay na kinain upang masiguro na palaging may nakaimbak na food supplies.
- Subukang kainin nang regular at ikumpara ang iba't-ibang uri ng pagkaing de-lata at retort products upang alamin kung alin ang nababagay sa sariling panlasa.

## Mga bagay o paraan na kapaki-pakinabang sa oras ng emerhensiya

### Paggamit ng wrap para sa first aid

Maaaring gamitin ang cooking wrap kapag nabalian ng buto o napilay kung walang makuhang telang tatsulok o benda.






### Paggawa ng emergency water supply tank


Maaaring gawin ang emergency water supply tank mula sa karton o supot na gawa sa plastic.



### Ikabit ang pisi sa flashlight

Kailangang may nakahandang flashlight kung sakaling magkaroon ng lindol sa gabi. Mas madaling gamitin ang flashlight kapag may tali ito at nakasabit sa sariling leeg kung saan libre at maaaring gamitin ang magkabilang kamay.





### Gamitin ang stockings upang patigilin ang pagdurugo

Ang stockings ay madaling gamitin para sa mga pinsala sa ulo o sa pagpapatigil sa pagdurugo sa mga braso o paa kung walang makuhang benda dahil wala itong puwang at madaling banatin.



### Maaari din na gamitin ang kawali bilang helmet sa oras ng emerhensiya

Gamitin ang anumang kalapit na bagay upang protektahan ang ulo sa oras na madamang may babagsag. Maaaring gamitin ang kaldero, kawali, mga timba at iba pa kung walang mahagilap na hard hat helmet o disaster prevention hoods.



### Paggamit ng supot na gawa sa plastic sa pagpatay ng apoy

Kapag naubos na ang laman ng gamit na fire extinguisher sa panahon ng sunog, maaaring lagyan ng tubig ang manipis na plastic bag at itapon ito sa apoy. Mabisa ito para abutin ang matataas at malayong lugar.



### Mas ligtas gamitin ang mga guwantes na gawa sa balat

Ang mga basag na salamin at iba pa ay maaaring tumagos sa work gloves at guwantes na gawa sa tela. Mas ligtas gamitin ang mga bagay na gawa sa makapal na balat (industrial-type).


### Magpinta ng luminescent paint

Maaaring pintahan ng luminescent paint ang flashlight at ilagay ito sa ilalim ng unan para madaling hagilapin kapag nawalan ng kuryente. Sa ganitong paraan ay madaling makita ang flashlight kahit sa dilim.



# 4 Kapag biglang nagkaroon ng lindol


1
- Maaaring magpatuloy ang malakas na pag-uga sa 2 hanggang 3 minutos. Huwag mataranta o tumakbo sa labas. Maging mahinahon.
- Kapag nagkaroon ng lindol, “kailangang siguruhin muna ang sariling kaligtasan!”
- Maaaring magkaroon ng mga aftershocks o natitirang pag-uga pagkatapos ng unang paglindol.
- Para sa mga pinsalang hindi malala, makipagtulungan sa ibang miyembro ng pamilya sa paggawa ng first aid.





2
- Huwag ilagay ang mga bagay sa tabi ng heat source o apoy.
- Huwag mataranta kapag nagkaroon ng sunog. Isagawa ang nararapat na mga hakbang sa pagpatay ng apoy. Siguruhing patayin ang apoy sa pinagmulan nito.
- May sunog ba sa kapitbahay ninyo? Tawagan ang mga kapitbahay at makipagtulungan sa pagpatay sa apoy!

3
- Kapag nasa labas ng bahay, gamitin ang "Message Dial 171" o ang "Disaster Emergency Message Board" para kumpirmahin ang kaligtasan, kinaroroonan at iba pang impormasyon ukol sa pamilya.
- Isara ang main gas valve at patayin ang electric breaker.
- Huwag kalilimutang ikandado ang pintuan.







4
- Mag-ingat sa maling impormasyon. Sikaping kunin ang pinakabago at tamang impormasyon.
- Hangga’t maaari ay iwasang gamitin ang telepono. Upang iparating sa iba ang sariling kalagayan o alamin ang kaligtasan ng iba, gamitin ang Disaster Emergency Message Dial (171) service (o ang Disaster Message Board Service mula sa mobile phones).

5
- Ang pook-silungan ay ginagamit ng lahat para sa pansamantalang pamumuhay. Sundin ang itinakdang patakaran, makibahagi sa pakikipagtulungan at kooperasyon.
- Tulungan ang mga taong may kapansanan sa katawan at mga nasugatan.



6
- Hindi makakarating ng ilang araw ang relief supplies pagkatapos magkaroon ng kalamidad. Sa ganitong sitwasyon ay lubos na madadama ang halaga ng paghahanda para sa oras ng emerhensiya. Kaya kailangang umasa nang pansamantala sa mga nakaimbak na pagkain at emergency supplies para sa kabuhayan.

# 5 Impormasyon ukol sa pagtantiya sa pagdating Tokai Earthquake at pagdeklara ng babala sa panganib na dala nito

## 1) Pagtantiya sa pagdating ng lindol

Bagama't sinasabing "mahirap tantiyahin o hulaan ang pagdating ng lindol", inaasahang may posibilidad na sa ilang sandali bago maganap ay maaaring itong tantiyahin sa tulong ng malawak na predictive observation network na nakatalaga para sa Tokai Earthquake na itinuturing na magnitude 8 trench-type earthquake.

Upang tantiyahin ang pagdating ng Tokai Earthquake, isinasagawa ang 24 oras na monitoring sa pamamagitan ng mga observation instruments tulad ng strain gages at pinag-aaralan ang anumang pagbabago sa impormasyon o data na naobserbahan. Base sa mga resulta ng obserbasyon ay pinagpapasiyahan kung ang data na nakuha ay naglalaman ng impormasyon na nagpapahiwatig sa pagdating ng Tokai Earthquake.


### Posibilidad sa biglaang pagdating ng lindol

Bagama't unti-unting bumubuti ang teknolohiya sa pagtantiya sa pagdating ng lindol sa ilang sandali lamang bago ito maganap, sa kasalukuyan ay may kaso na kung saan nagagawang alamin agad ito at may pagkakataon din na hindi kayang tantiyahin ang pagdating ng Tokai Earthquake at bigla na lang itong dumadating.

Pagpapahayag sa impormasyon kaugnay sa mga babala




Pagpapahayag sa impormasyong kuha sa pagsusuri o obserbasyon




**Pagpapahayag sa mga babala ukol sa Tokai Earthquake**
(Pagsagawa ng decision-making meeting)

**Pagsagawa ng preparasyon para sa disaster prevention**

May malaking posibilidad (precursor phenomena) sa pagkakaroon ng kalamidad

**Pagpapahayag sa impormasyong kuha sa pagsusuri o obserbasyon ukol sa Tokai Earthquake**

**Mga pagbabago sa data na kuha sa pagsusuri o obserbasyon tulad ng seismic activity at iba pa**

## 2) Pamamahagi ng impormasyon kaugnay sa pagtantiya sa pagdating ng Tokai Earthquake

Kasabay sa pag-unlad ng agham at teknolohiya, itinuturing na posibleng maipaliwanag ang mga pagbabago sa data na naobserbahan bago ilabas ang babala o pahayag ukol sa panganib, impormasyong nagsasaad o nagpapahiwatig na may malaking posibilidad (precursor phenomena) na magkaroon ng Tokai Earthquake, na ipapahayag sang-ayon sa sumusunod na tatlong kategorya.

### Impormasyong kuha sa pagsusuri kaugnay sa Tokai Earthquake (antas ng kulay: asul)

Ibinubukod sa dalawang uri ang impormasyong kuha sa pagsusuri: pansamantala at regular.

**Pansamantala** Isasagawa ang patuloy na pahayag kapag may napansing pagbabago sa data o impormasyon na karaniwang sinusuri.

**Regular** Impormasyong ipinapahayag base sa resulta ng pagsusuring dumaan sa evaluation ng buwanang decision-making meeting.

### Babala para sa Tokai Earthquake (antas ng kulay: dilaw)

Ipinapahayag kapag kinilala na tumaas na ang precursor phenomena o posibilidad sa pagkakaroon ng Tokai Earthquake. Sa pagtanggap ng pahayag na ito, uumpisahan na ang mga preparasyon.

### Impormasyon sa pagtantiya sa pagdating ng Tokai Earthquake (antas ng kulay: pula)

Impormasyong ipinapahayag sa oras na magpalabas ng babala o deklarasyon kapag may panganib na magkaroon ng Tokai Earthquake. (Sa oras na makumpirma o mapagpasiyahang walang panganib sa pagkakaroon ng Tokai Earthquake pagkatapos ilabas ang bawat pahayag, ipapaalam ang bagay na ito sa bawat impormasyong ilalabas.)




## 3) Pagpapalabas ng pahayag o deklarasyon na humihimok sa pag-iingat o pagiging handa sa pagdating ng kalamidad

Kapag tumaas ang bilang ng abnormalidad sa nakuhang data at may panganib na magkaroon ng Tokai Earthquake, ipapalabas ng Prime Minister ang "pahayag para sa babala" base sa pag-uulat na natanggap mula sa Japan Meteorological Agency sa mga "earthquake disaster prevention measures fortified areas" pati ang Shizuoka Prefecture.

Kasabay nito, ipapahayag din ng Japan Meteorological Agency ang impormasyon ukol sa tinatantiyang pagdating ng Tokai Earthquake.


**Tungkol sa pahayag o deklarasyon na humihimok sa pag-iingat o pagiging handa sa pagdating ng kalamidad**

Ito ay isang pag-uutos na ipinapalabas kapag nagkaroon ng malaking lindol na nasa magnitude 8 (Tokai Earthquake) sa "loob ng 2 o 3 araw (o sa loob ng ilang oras), kung saan may pag-uulat kaugnay sa pagkakaroon ng seismic intensity 6-low at pataas na sumasakop din sa buong rehiyon ng Shizuoka Prefecture at sa gayon ay hinihikayat ang lahat ng residente na "siguruhin ang kaligtasan at isagawa ang mga hakbang para sa disaster prevention bilang paghahanda sa pagdating ng isang malaking lindol".
Paalala: Masasabing kaunti lamang ang oras sa pagitan ng pagbigay ng pahayag at sa oras ng pagdating ng lindol.


Isinasagawa ang pag-uulat sa TV at radyo ukol sa mga babala at iba pang impormasyong ipinahayag pati deklarasyong humihimok sa pag-iingat sa pagdating ng Tokai Earthquake.

Bukod pa rito, ipinamamahagi din ang impormasyon sa pamamagitan ng mga public information vehicles, wireless broadcasts at iba pang information service ng lokal na pamahalaan.

Kasali din dito ang paggamit ng sirena sa oras na ipalabas o magdeklara ng babala sa publiko.



Public information vehicles sa siyudad ng Yaizu



Pag-uulat sa pamamagitan ng simultaneous broadcasting

# 6 Paano kung ipalabas ang impormasyon ukol sa panganib na magkaroon ng Tokai Earthquake? Paano kung may pahayag o deklarasyon na humihimok sa paghahanda o pag-iingat sa pagdating nito?

Ano ang mangyayari sa atin sa oras na ipalabas ang impormasyon ukol sa panganib na magkaroon ng Tokai Earthquake at magpalabas ng pahayag na humihimok sa paghahanda o pag-iingat sa pagdating nito?

Sa oras na magkaroon ng pahayag o deklarasyon ukol sa panganib na maaaring mangyari, inaasahang malilito ang lahat sa paggawa ng kanya-kanyang paghahanda. Mahalagang alamin ang sitwasyon sa paligid, pag-isipang mabuti ang galaw ng lipunan at kumilos agad patungo sa kaligtasan.




## 1) Kondisyon o lagay ng lipunan

| | Sa oras na magpalabas ng impormasyon ukol sa pagdating ng Tokai Earthquake | Sa oras na magkaroon ng pahayag o deklarasyon na humihimok sa pag-iingat sa pagdating ng lindol |
|---|---|---|
| **Elektrisidad, gas, tubig** | Maaaring gamitin (mag-imbak ng tubig na inumin) | Maaaring gamitin pero hangga't maaari ay limitahan ang gamit |
| **Telepono** | Maaaring gamitin (subalit, maaaring magkaroon ng limitasyon sa paggamit kapag dumami nang husto ang mga tumatawag) | Maaaring gamitin (malaki ang posibilidad na magkaroon ng limitasyon sa paggamit sanhi ng pagdami ng mga tumatawag) |
| **Bus** | Bilang patakaran, tumatakbo sa regular na ruta | Humihinto sa pinakamalapit na ligtas na estasyon ng bus |
| **Tren** | Bilang patakaran, tumatakbo sa regular na ruta | Humihinto sa pinakamalapit na ligtas na estasyon ng tren |
| **Mga daan** | Maaaring daanan ng sasakyan | Upang masiguro ang matiwasay na daloy ng trapiko patungo sa mga pook-silungan, magkakaroon ng limitasyon o restriction sa paggamit ng main roads at iba pa (kailangang bawasan ang bilis sa pagpapatakbo ng sasakyan) |
| **Mga department stores** | Isasara ang bahagi o unti-unting ititigil ang operasyon sa bawat section | Ititigil ang operasyon (subalit, maaaring ipagpatuloy ang operasyon sa ilang gusali na matibay o may sapat na earthquake resistance) |
| **Convenience stores at iba pa** | Patuloy ang normal na operasyon | Maaaring ipagpatuloy ang operasyon sa ilang gusali na matibay o may sapat na earthquake resistance) |
| **Bangko** | Patuloy ang normal na operasyon | Ititigil ang operasyon (subalit, may ilang ATM na magpapatuloy ang operasyon) |
| **Ospital at iba pa** | Bilang patakaran, magkakaroon ng limitasyon para sa mga outpatients (maliban sa kaso ng emerhensiya) | Ititigil ang serbisyo para sa outpatients (maliban sa kaso ng emerhensiya) |
| **Paaralan / Nursery Schools** | Para sa mga lugar na nasasakop para sa paglisan o evacuation, pauuwiin ang mga bata o ipapaubaya sa mga magulang o tagapag-alaga upang masiguro ang kaligtasan (ang mga kabataang nasa special needs schools ay mas nauunang pinapauwi) | Isasara ang mga paaralan at pauuwiin ang mga kabataan o ipapaubaya sa mga magulang o tagapag-alaga (maaaring maiwan ang ilang faculty members) |

## 2) Ano ang dapat kong gawin?


### Buksan ang TV o radyo para magkaroon ng impormasyon

- Mahalagang kunin ang tamang impormasyon
- Mag-ingat sa mga maling impormasyon o usap-usapan



### Suriin uli ang mga bagay na dadalhin sa panahon ng emerhensiya (babala)

- Suriin uli ang emergency supplies sa pamamagitan ng checklist (pahina 6 at pahina 7).



### Mabilis na lisanin ang mga lugar na itinuturing na mapanganib (pahayag sa pag-iingat)

- Lisanin agad ang mga pook na maaaring magkaroon ng tsunami, pagguho ng lupa at iba pang mapanganib na lugar.
- Sa iba pang mga lugar, sumilong sa ligtas na panig sa loob o labas ng bahay.




### Sunduin ang mga bata (babala)

- Makipagkontak nang regular sa paraalan ng bata





### Suriin ang loob ng bahay (babala)

- Sa umpisa pa lang ay dapat itakda ang papel na gagampanan ng bawat miyembro ng pamilya at isagawa ito sang-ayon sa plano.
- Siguruhing walang bagay na nakalagay sa mataas na lugar.
- Siguruhing matatag at nakalapat nang husto ang mga kasangkapan, aparador o paminggalan at iba pa.
- Siguruhin din na walang hadlang sa labasan ng bahay para madaling makalabas sa oras ng emerhensiya.

### Isagawa ang mga hakbang upang maiwasan ang pagkakaroon ng sunog (pahayag sa pag-iingat)

- Iwasang gumamit ng apoy.
- Mag-ingat nang husto kung kinakailangang gumamit ng apoy.
- Patayin ang gas at gas valves sa propane canisters.
- Tanggalin sa electrical socket ang mga kasangkapang de-kuryente na hindi kailangang gamitin at ibaba ang electrical breaker kung lalabas ng bahay. Itabi ang mga bagay na maaaring maging sanhi ng sunog sa isang ligtas na lugar.



## 3) Paraan ng pagtanggap ng impormasyon kaugnay sa kalamidad

Mahalagang magkaroon agad ng impormasyon ukol sa kalamidad upang maproktektahan ang sarili.

Sa siyudad ng Yaizu, isinasagawa ang iba't-ibang paraan upang maipamahagi sa lahat ng residente ang tama at naaangkop na impormasyon sa oras ng emerhensiya, kalamidad at iba pa.

### TV, radyo



Maaaring kumpirmahin ang iba't-ibang uri ng impormasyon sa pagpindot ng "d button" sa remote control upang makonekta sa data broadcasting service.
(Larawang kuha sa: Shizuoka Broadcasting System)



Maaaring gamitin ang "d button" ng TV remote control para tingnan ang impormasyong ipinamamahagi sa data broadcasting service. Maaaring kumpirmahin ang impormasyon tulad ng dami ng ulan bawat 10 minutos sa loob ng siyudad pati mga pahayag ukol sa mga babala, pag-iingat na dapat gawin, pagbukas ng mga pook-silungan at iba pang impormasyon.

Pakikumpirma ang impormasyong ito sa regular na oras dahil maaaring magkaiba ang nilalaman depende sa TV station.

### Pag-uulat sa pamamagitan ng simultaneous broadcasting




Sabay-sabay na isinasagawa ang pag-uulat sa impormasyon ukol sa lagay ng kalamidad, emerhensiya at iba pa sa buong siyudad.
Maaari din na kumpirmahin ang nilalaman ng impormasyong ito sa pamamagitan ng telepone answering service (☎656-2727) kung sakaling hindi marinig ang pahayag sanhi ng ingay mula sa malakas na ulan o hangin.

### Public Information Vehicle



Ipinamamahagi sa lahat ng residente ang impormasyon kaugnay sa lagay ng paglisan o evacuation sa pamamagitan ng public information vehicles na pumapalibot sa loob ng siyudad.

### Yaizu Disaster E-Mail



Maaaring tanggapin sa pamamagitan ng email ang nilalaman ng pag-uulat na ipinamahagi sa buong siyudad mula sa radyo.

Pakitingnan ang sumunod na pahina para sa paraan ng pagrehistro.

**Mga bagay na ipapadala (maaaring piliin sa panahon ng pagrehistro)**

**[ Impormasyon ukol sa lindol, tsunami ]**
- Impormasyon ukol sa lindol
- Impormasyon kaugnay sa Tokai Earthquake
- Impormasyon ukol sa tsunami

**[ Impormasyon ukol sa sunog ]**
- Pagkakaroon ng sunog, pagkontrola, pagpatay sa apoy

**[ Nilalaman ng pag-uulat sa simultaneous broadcasts ]**
- Nilalaman ng pag-uulat sa outdoor simultaneous broadcasts


**[Impormasyon ukol sa lagay ng panahon]**
- Babala ukol sa lagay ng panahon (Malakas na ulan, baha, bagyo, alon, pagtaas ng tubig sa dagat)
- Special warning o babala ukol sa lagay ng panahon (Malakas na ulan, bagyo, alon, pagtaas ng tubig sa dagat)
- Impormasyon ukol sa pinsalang dulot ng pagguho ng lupa
- Impormasyon ukol sa nakakatawag-pansing dami ng buhos ng ulan sa maikling panahon

### Telepono



Gagamitin ng siyudad ang network ng voluntary disaster prevention association para ipamahagi sa lahat ang impormasyon kaugnay sa paglisan.

### Homepage



Ilalagay sa itaas na bahagi ng website ng siyudad ang "impormasyon para sa oras ng emerhensiya" sa panahon ng bagyo, lindol at iba pang kalamidad.

### Emergency Bulletin E-Mail



Ito ang serbisyong ipinagkakaloob ng kompanya ng mobile phone kung saan sabay-sabay na ipinapadala sa mobile phone na nasa loob ng itinakdang area ang impormasyong ipinalabas ng Japan Meteorological Agency tulad ng Earthquake Early Warning, Tsunami Warning pati ang pahayag mula sa National / Regional Public Organization kaugnay sa kalamidad at mga impormasyon ukol sa paglisan.


- Bukod pa rito, ang paggamit ng Facebook, Twitter at iba pang SNS sa pagitan ng mga residente ay isang epektibong paraan sa pagpaparating ng impormasyon.
- Pag-isipan din natin kung paano tanggapin ang impormasyon ukol sa kalamidad sa oras na magkaroon ng power failure o mawalan ng kuryente.

## 4) Kapag may ipinalalabas na Early Earthquake Warning

Mahalaga na manatiling mahinahon at siguruhin ang sariling kaligtasan. Tingnan ang sumusunod na gabay para malaman kung ano ang dapat gawin at pag-isipan ang mga dapat gawin sa oras na magkaroon ng Early Earthquake Warning.

### Sa sariling tahanan

- Pumailalim sa mesang matibay at iba pa para protektahan ang ulo
- Huwag mataranta at tumakbo palabas
- Huwag piliting patayin ang apoy



### Kapag nasa pasilidad na may maraming tao

- Sundin ang pag-uutos ng mga nangangasiwa sa pasilidad
- Kumilos nang mahinahon
- Huwag mataranta at tumakbo patungo sa labasan



## Pag-intindi sa mga dapat gawin sa oras na magkaroon ng Earthquake Early Warning

### Maging mahinahon, suriin ang kalagayan sa paligid at siguruhin ang sariling kaligtasan !


Pagkatapos makita at pakinggan ang pag-uulat sa Earthquake Early Warning, maaaring magkaroon ng malakas na pag-uga pagkalipas ng ilang segundo lamang. Kailangang kumilos agad sa loob ng maikling panahon upang protektahan ang sarili.

### Habang nagmamaneho ng sasakyan

- Huwag magmadaling bawasan agad ang bilis ng sasakyan
- Pindutin ang hazard lamp at mag-ingat sa mga sasakyang nasa paligid
- Huwag apakang bigla ang preno. Dahan-dagang ibaba ang bilis ng sasakyan
- Kapag napansing malakas ang pag-uga, iparada ang sasakyan sa kaliwang panig ng daan




### Kapag nasa labas (sa bayan)



- Mag-ingat sa mga pader na gawa sa bloke at iba pa na maaaring mabuwal
- Mag-ingat sa mga karatula na maaaring mahulog, basag na salamin at iba pa
- Kapag nasa tabi ng isang matatag na gusali, pumasok sa loob nito

### Habang nakasakay sa tren o bus

- Hawakang mabuti ang strap o handrail




### Habang nasa loob ng elevator

- Itigil ang elevator sa pinakamalapit na palapag at bumaba agad



### Kung nasa paligid ng bundok at dalisdis

- Mag-ingat sa mga batong bumabagsak at sa pagguho ng lupa



(Mula sa mga dokumento ng Japan Meteorological Agency)

# Pakikipagtulungan sa iba

Sa pakikipagtulungan sa mga kasapi ng neighborhood association at residents' association, hindi lamang sa sarili o sa sariling pamilya, maituturing na "mutual assistance" ang kilusan para sa disaster prevention / disaster reduction sa mga rehiyon.

Matapos siguruhin ang sariling kaligtasan pati ang kaligtasan ng pamilya sa pamamagitan ng mga gawaing nagbibigay-daan sa pagtulong sa sarili, makipagtulungan sa mga nasa paligid upang mabawasan ang pinsalang dulot ng kalamidad.


**══Pag-isahin ang lakas at itaguyod ang pagtutulungan sa pagitan ng mga mamamayan sa rehiyon══**

## 7 Makibahagi sa mga pagsasanay sa disaster prevention sa rehiyon

**Kailangang protektahan natin ang sariling buhay. Kailangang protektahan natin ang sariling komunidad.**
**Ang bawat isa ay miyembro ng boluntaryong samahan para sa disaster prevention.**

- **Sumali sa mga pagsasanay para sa disaster prevention kasabay ng buong pamilya.**
  - **Disaster Prevention Week, mula Agosto 30 hanggang Septiyembre 5**
    …… Isasagawa ang malawakang pagsasanay kaugnay sa disaster prevention sa huling Linggo ng Agosto para sa idadaos na "Disaster Prevention Day" sa siyudad ng Yaizu sa Septiyembre 1.
  - **Earthquake Disaster Prevention Enhancement Month sa buwan ng Nobiyembre**
    …… Tsunami Disaster Prevention Day sa Nobiyembre 5. Magkakaroon ng mga exhibits, lectures at iba pa kaugnay sa disaster prevention sa bawat rehiyon sa buong prepektura
  - **Local Disaster Prevention Day sa unang Linggo ng Disyembre**
    …… Isasagawa ang mga pagsasanay bilang paghahanda sa biglaang pagdating ng malaki o malawakang paglindol
  - **Disaster Prevention Volunteer Week sa Enero 15 hanggang Enero 21**
    …… Ang Enero 17 ay Disaster Prevention and Volunteer Day
  - **Ang panahon mula sa umpisa hanggang sa kalagitnaan ng Marso (kalakip ang Marso 11) ay nakatuon sa pagtaguyod sa mga hakbang na gagawin bilang paghahanda kapag nagkaroon ng tsunami**
    …… Pagsasanay ukol sa pangunang hakbang sa oras ng kalamidad

- **Kapag nagkaroon ng malawakang kalamidad, maging masigasig sa pagsali sa pagpatay ng apoy at pagbigay ng tulong at saklolo.**
- **Sa loob ng siyudad, may iba't-ibang tao ang nakikibahagi sa mga gawain o kilusan kaugnay sa disaster prevention. Sa oras ng emerhensiya, makipagtulugan sa kapwa at makiisa sa disaster prevention activities.**




**Sa pagsali sa mga pagsasanay sa disaster prevention …**
- Magkakaroon ng tsansang makipag-ugnayan sa ibang residente sa loob ng komunidad
- Magkakaroon ng kaalaman sa mga bagay kaugnay sa mga kalamidad
- Magkakaroon ng tsansang gamitin ang mga kagamitan para sa disaster prevention
- Mas maiintindihan ang sariling papel o responsibilidad sa komunidad
- Magagawang kumpirmahin ang mga pook na maaaring silungan at ruta sa oras ng emerhensiya

# 8 Boluntaryong samahan para sa disaster prevention

Upang protektahan ang sariling buhay pati ang sariling pamilya sa malaking kalamidad tulad ng Tokai Earthquake, kailangang ugaliing gawin ang iba't-ibang mga hakbang o paghahanda sa araw-araw na pamumuhay. Subalit, may limitasyon sa mga bagay na maaaring gawin ng isang tao o pamilya. Kinakailangan ang tulong at kooperasyon ng mga tao sa paligid sa paggawa at pagtaguyod ng mga kilusan kaugnay sa disaster prevention.

Sa loob ng ating komunidad ay may mga "boluntaryong samahan para sa disaster prevention" na sumusuporta sa atin hindi lamang sa panahon ng kalamidad kundi sa araw-araw pamumuhay sa pamamagitan ng pagtaguyod sa disaster prevention activities. Pakinggan natin ang opinyon ng iba't-ibang tao tulad ng mga kababaihan, kalalakihan, mga taong may edad, mga may kapansanan sa katawan, mga kabataan at mga menor de edad pati mga dayuhan at gamitin natin ang impormasyong ito sa pangangasiwa sa mga boluntaryong samahan para sa disaster prevention.

## 1) Mga gawain sa regular na panahon at sa oras ng kalamidad

**Sa regular na panahon**
- **Pagsusuri sa kaligtasan sa loob ng rehiyon** ······ Pagsagawa ng safety patrol, pagsusuri sa mga lugar na mapanganib at iba pa
- **Pagbatid at pamamahagi sa kaalaman ukol sa disaster prevention** ······ Pagsusuri sa antas ng panganib na hinaharap ng komunidad mula sa kalamidad, mga hakbang na ginagawa ng pamilya, pag-alam kung sino ang higit na nangangailangan ng suporta at iba pa
- **Pagsasanay para sa disaster prevention** ······ Pagpaplano at paggawa ng pagsasanay, pagbigay ng first aid at iba pa

**Sa oras ng kalamidad**
- **Pagpatay sa apoy** ······ Paghingi ng suporta sa paggawa ng mga hakbang para maiwasan ang sunog, pagpatay sa apoy, pag-iingat sa apoy
- **Pagbigay ng saklolo at tulong** ······ Pagbigay ng saklolo, tulong at kooperasyon sa mga samahan o institusyong kaugnay sa disaster prevention
- **Pagbigay ng first aid, transportasyon** ······ Pagkumpirma sa lagay ng pagbigay ng first aid, paggamit ng gamot sa tahanan, sitwasyon sa pagamutan kung saan ipinadala
- **Pagkulekta, pamamahagi ng impormasyon** ······ Pagkulekta ng impormasyon, pagprotekta laban sa maling balita o panloloko, pag-uulat sa natamong pinsala mula sa kalamidad sa mga institusyong kaugnay sa disaster prevention
- **Gabay sa paglisan** ······ Paghikayat sa paglisan, pagbigay ng gabay para sa ligtas na paglisan, pagkumpirma sa pangalan ng mga lumisan at iba pa
- **Operasyon at pangangasiwa ng pook-silungan** ······ Pagtulong sa pamamahagi ng mga emergency supplies, pagluto ng kanin, pag-aayos at pagtakda sa mga patakaran kaugnay sa pamumuhay sa loob ng pook-silungan

## 2) Pangangasiwa sa mga kagamitang ginagamit sa disaster prevention

Para sa mga kagamitang ginagamit ng mga boluntaryong samahan na gumagawa ng disaster prevention, kailangang pag-ispan kung gaano ang kailangan depende sa pangangailangan ng komunidad, kumpirmahin kung may kulang at gawin ang nararapat na paghahanda kung sakaling kailangan ng panibagong kagamitan. Sa pagkakataong ito, kailangang siguruhing ihanda ang mga bagay o kagamitang madaling gamitin ng mga kababaihan o matatanda.

Subalit, kahit na kumpleto ang gamit para sa disaster prevention, mawawalan ito ng silbi kung hindi magagamit sa oras ng emerhensiya. Siguruhing gawin ang regular na pagsusuri at pagsasanay sa paggamit ng mga kagamitin, paggawa ng inspeksiyon sa mga bagay na gamit na at iba pa.

**[Mga kagamitan para sa disaster prevention na inilarawan ng Fire and Disaster Management Agency (halimbawa)]**

| Pakay o layunin | Mga kagamitan para sa disaster prevention |
|---|---|
| ①Para sa pagkulekta, pamamahagi ng impormasyon | Wireless equipment, loudspeaker, portable radio, armband, residential map, imitation paper, memo pad, permanent marker (na gagamitin sa pagsulat sa oras ng pagkulekta at pamamahagi ng impormasyon kaugnay sa lagay ng kaligtasan, natamong pinsala at iba pa) |
| ②Para sa pagpatay ng apoy | Portable power pump, portable sprinkler, fire prevention water tank, hose, standpipe, kumpletong set ng storage equipment, fire extinguisher para sa labas ng bahay, fireproof clothing, mouthpiece, helmet, timba ng tubig, fire protection well at iba pa |
| ③Para sa waterproofing | Lifeboat, life jacket, waterproof sheet, pala, piko, scoop, lubid, maso, tulos, supot para sa lupa, guwantes na gawa sa goma at iba pa |
| ④Para sa pagsaklolo | Claw bar, hagdan, lagari, scoop, itak, jack, bangko, martilyo, lubid, chainsaw, engine cutter, chain block, hydraulic rescue equipment, portable winch, smoke-proof / dust-proof mask at iba pa |
| ⑤Para sa relief aid | Stretcher, first aid kit, tolda, kumot, upuan, tiheras at iba pa |
| ⑥Para sa pook-silungan, paglisan | Cart, generator, mga gamit pang-alarma, floodlight, sign board, bandera, malakas na ilaw, simpleng emergency toilet, sleeping bag, assembly-type shower at iba pa |
| ⑦Para sa pagkain, supply ng tubig | Gamit sa pagluluto ng kanin, kaldero, stove, gas cylinder, tangke ng tubig, emergency water filtration device, tangke para sa tubig inumin at iba pa |
| ⑧Para sa pagsasanay, pagtuturo sa disaster prevention | Simulated fire extinguishing training equipment, broadcast equipment, 119 training equipment, assembly-type na tangke ng tubig, fogging machine, audio-visual equipment (video/projector at iba pa), fire testing equipment, fire extinguisher para sa pagsasanay, training doll para sa CPR, training fire alarm equipment para sa tahanan at iba pa |
| ⑨Iba pa | Warehouse para sa simpleng kagamitan, vinyl sheet, mobile phone charger, blue sheet at iba pa |

Pinagkunan ng impormasyon: Paglalathala ng Fire and Disaster Management Agency "Gabay sa mga boluntaryong samahan para sa disaster prevention" (Fire and Disaster Management Agency)
Nilikha ng Seikosha Printing Co., Ltd. base sa sumusunod na dokumento: https://www.fdma.go.jp/html/life/bousai/bousai_2304-all.pdf

## 9 Mga hakbang para sa pagpigil ng sunog

Ugaliing isipin na "kung sakaling magkakaroon ng sunog", pag-isipan kung saan sa loob ng bahay ang "pinagmulan ng apoy", suriin at gawin ang nararapat na mga hakbang upang protektahan ang sarili laban sa sunog. Sa ganitong pagbatid ay nagagawang hanapin at patayin agad ang anumang apoy na nagiging sanhi ng sunog. Sumali sa mga pagsasanay kaugnay sa disaster prevention na isinasagawa sa loob ng komunidad at makipagtulungan sa mga taong nasa paligid sa pagtaguyod ng mga hakbang para sa pagpigil ng sunog.




- **Siguruhing maglagay ng fire extinguisher at alamin ang tamag paraan sa paggamit nito.**
  Ang dry chemical fire extinguishers ay nababagay sa pagpatay sa anumang uri ng apoy. Siguruhing ilagay ang mga fire extinguishers at iba pang gamit sa pagpatay ng apoy sa lugar na madaling makita at abutin.
- **Siguruhing maghanda palagi ng ilang timba ng tubig para sa oras ng emerhensiya.**
- **Huwag ilagay ang mga bagay na madaling masunog sa ibabaw ng mga burners o sa tabi nito.**
- **Ingatang huwag mabuwal ang gas cannisters, lalagyan ng kerosene at iba pa.**
- **Kasabay ng buong pamilya, kumpirmahin kung saan nakalagay ang main valve ng gas at breaker ng kuryente. Alamin din kung paaano ito gamitin.**

## 10 Suporta at konsiderasyon para sa mga taong nangangailangan ng tulong

Kapag nagkaroon ng kalamidad, ang mga taong nangangailangan ng iba't-ibang uri ng suporta sa karaniwang pamumuhay ay higit na mahihirapan sa paglisan sa panahon ng emerhensiya at sa pamumuhay na gagawin sa pook-silungan. Ito ang mga "taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon".

Ang mga nabanggit ay tinutulungan ng mga taong nakatira sa paligid sa oras ng kalamidad. Makibahagi sa pagtulong sa kanila hindi lamang sa panahon ng kalamidad kundi sa araw-araw na pamumuhay natin.



### ① Ang sumusunod ay ang mga uri ng suportang kinakailangan ng mga "taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon".

- **Para sa mga matatanda**
  - Kailagang ibigay ang impormasyon sa mabilis at tamang paraan.
  - Kailangang tulungan sa paglisan at paggalaw patungo sa kaligtasan.

- **Para sa mga taong may kapansanan sa paningin, pandinig at pagsasalita o language functions**
  - Kailangang ibigay ang impormasyon sang-ayon sa bawat disability o kapansanan at ipamahagi ito sa tamang paraan.
  - Kailangang tulungan ang mga taong may kapansanan sa paglisan patungo sa kaligtasan.

**Mga detalye sa pangangasiwa**

**Pangangasiwa sa mga taong may kapansanan sa paningin**

◯ Ipaliwanag ang pook na pupuntahan, direksiyon at iba pa habang binibigyan ng gabay.
◯ Mag-ingat sa pagitan ng mga hagdan at dahan-dahan sa paglalakad.

**Pangangasiwa sa mga taong may kapansanan sa pandinig at pagsasalita o language functions**

◯ Ibahagi ang impormasyon sa pamamagitan ng pagsusulat o paggamit ng senyas o gestures.
◯ Dahil may mga kaso na kung saan nagagawang intindihin ang sinasabi sa pamamagitan ng paggalaw ng bibig, kailangang lakihan ang pagbukas o paggalaw ng bibig habang nagsasalita.

- **Mga taong may pisikal na kapansanan**
  - Kailangang tulungan sa paggalaw
- **Para sa mga taong may kapansanan o sakit sa internal organs**
  - Depende sa detalye o nilalaman ng kapansanan, maaaring kailanganin ang suporta sa paggalaw.
  - Kailangang bigyan ng suporta tulad ng pagtawag sa mga pagamutan at iba pa.
- **Mga taong may kapansanan sa pag-iisip o talino , kapansanan sa paglaki at mental disabilities**
  - Kailangan ang suporta sa paglisan.
  - Kapag nasa loob ng pook-silungan, depende sa lagay o antas ng kapansanan, may kaso na kung saan kailangang ibukod sa iba.
- **Mga nagbubuntis, inang may sanggol**
  - Sa loob ng pook-silungan, kailangang bigyan ng proteksiyon sa ingay at tulungang mapanatili ang kalinisan.
- **Mga dayuhang hindi nakakaintindi ng wikang Hapon**
  - Kailangang ibahagi ang impormasyon sa tamang paraan.

## ② Pagbigay ng konsiderasyon ng mga boluntaryong samahan para sa disaster prevention sa mga taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon

- **Kailangan gumawa ng plano para sa bawat isa (mga bagay na bumubuo sa mga pamamaraan sa pamamahagi ng impormasyon at suporta para sa paglisan ng mga taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon na hindi magawang lumisang mag-isa) kasabay ng pagbigay ng halaga sa komunikasyon sa araw-araw na kabuhayan, at itatag ang isang sitemang maaaring sumuporta sa mga taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon sa rehiyon sa oras ng kalamidad.**
- **Sa oras ng pagsasanay para sa disaster prevention, kailangang maging masigasig sa pakikipaghalubilo sa mga taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon at ugaliing alamin ang kanilang mga pangangailangan.**

## ③ Kailangang ugaliin natin, pati ang mga taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon, na sundin ang sumusunod !

- **Sa oras ng emerhensiya, kailangan natin ang tulong ng ibang tao sa komunidad, kaya hangga’t maaari ay sumali tayo sa mga gawain sa loob ng komunidad at bigyang-daan ang isang magandang pagsasamahan.**
- **Pagsikapan nating protektahan ang sarili.**

# Pampublikong suporta


Ang sistema ng pangangasiwa sa disaster prevention sa mga sangay ng gobyerno sa siyudad, prepektura at pambansang pamahalaan at firefighting agencies ay tinatawag na “pampublikong suporta”. Ang bawat institusyon tulad ng City Hall, Shizuoka Prefecture, mga firefighting agencies, Self-Defense Force, Japan Coast Guard at himpilan ng pulisya ay gumagawa ng mga hakbang para maisagawa agad sa lalung-madaling panahon ang mga emergency measures sa oras na magkaroon ng kalamidad.

Bukod pa rito, sa tulong ng mga mamamayan at kaugnay na mga organisasyon, itinataguyod ang iba’t-ibang mga gawain bilang paghahanda o pagtugon sa oras kalamidad.

## Mga pangunahing pampublikong suporta na isinasagawa

- **Paglikha ng regional disaster plan na naglalaman ng mga hakbang o disaster countermeasures ng mga organisasyon o institusyong kaugnay sa disaster prevention.**
- **Paglikha ng Yaizu City Earthquake and Tsunami Countermeasure Action Program 2014, paglikha ng Yaizu City Tsunami Disaster Prevention Area Promotion Plan at iba pa**
- **Pagpapabuti sa pamamahagi ng impormasyon**
  - · Yaizu Disaster Email
  - · Facebook
  - · Paggamit ng website at iba pa
  - · Pagpapabuti sa serbisyo ng Disaster Prevention Administrative Radio
  - · Paglikha ng hotline sa Residents' Association

Tingnan ang pahina 16





- **Pagpapabuti sa serbisyo ng mga pook-silungan**
  - · Pangangasiwa at pagpapanatili sa mga emergency supplies
- **Pagbigay ng suporta upang matulungan ang sarili**
  - · Pagpapalawak sa kaalaman at pagbatid sa pamamagitan ng mga visiting courses at pamamahagi ng mga pamphlets
- **Suporta para sa pakikipagtulungan sa iba**
  - · Pagsasanay sa voluntary rescue team (pagpapabuti sa rescue technology)







· Pag-aaral sa voluntary disaster prevention activities sa pamamagitan ng visiting courses

· Benepisyo para sa voluntary disaster prevention activities

· Pagsasanay sa pagbigay ng saklolo o lifesaving training

· Pagsagawa ng disaster leadership training course



· Pagsagawa ng disaster prevention visiting class



- **Rescue activities sa oras na magkaroon ng kalamidad (life saving, restoration, reconstruction at iba pa)**
- **Pagbigay ng emergency measures para sa lifeline services tulad ng elektrisidad, gas at tubig**
- **Paggawa ng pagsasanay para sa emerhensiya (pagpapatibay sa kooperasyon sa pagitan ng mga boluntaryong samahan para sa disaster prevention at kaugnay na mga organisasyon)**
- **Pagpapanatili sa mga pasilidad na ginagamit para sa disaster prevention (disaster prevention storage warehouse, earthquake-resistant water storage tanks at iba pa)**
- **Pagpapanatili sa mga pasilidad na ginagamit sa paglisan sa oras na magkaroon ng tsunami**

· Pagpapanatili sa kondisyon ng tsunami evacuation tower



· Pagpapabuti o pagpapatibay sa matataas na lugar



- **Paglagay ng mga lifeboats na gagamitin sa oras na magkaroon ng tsunami**

